





Australian Government
Civil Aviation Safety Authority

KNOW YOUR DRONE

MAHALAGANG IMPORMASYONG PANGKALIGTASAN PARA SA DRONE



Hindi ka dapat na magpalipad ng iyong drone ng mas mataas sa 120 metro sa lupa.



Dapat mong panatilihin hindi bababa sa 30 metro ang layo ng iyong drone mula sa ibang tao at hindi kailanman magpalipad sa itaas ng isang tao.



Dapat na isa lamang ang pinapalipad mong drone sa bawat pagkakataon.



Magpalipad lamang sa araw.



Hindi ka dapat na magpalipad sa isang mataong lugar. Kabilang dito ang sa tabing dagat, mga parke, kaganapan, o sa mga sport oval kung may mga naglalaro.



Hindi ka dapat na magpalipad ng iyong drone sa isang paraan na nakakagawa ng panganib sa ibang sasakyang panghimpapawid, tao o ari-arian. Igalang ang pagkapribado ng iba.



Panatilihin nasa loob ng iyong line-of-sight ang iyong drone. Nangangahulugan ito na dapat na palagi mong nakikita gamit ang iyong sariling mga mata (hindi sa pamamagitan ng isang gadyet, screen o goggles). Huwag magpalipad na lulusot sa ulap, hamog o usok.



Hindi ka dapat na magpalipad ng iyong drone sa ibabaw o malapit sa mga lugar na nakakaapekto sa kaligtasan ng publiko o kung saan ay isinasagawa ang mga pang-emerhensyang operasyon. Kabilang dito ang mga ambulansya, pulis, search and rescue, o mga pangpuksa ng sunog.



Kung ang bigat ng iyong drone ay mahigit sa 250 gramo, hindi ka dapat na magpalipad sa loob ng 5.5 kilometro ng isang kontroladong paliparan (mga airport na may control tower). Kung ito ay 250 gramo o mas mababa, maaari kang magpalipad ng hanggang 45 metro ang taas sa loob ng 5.5 kilometro ngunit manatili sa labas ng hangganan (boundary) ng airport at huwag lumikha ng panganib para sa ibang mga sasakyang panghimpapawid. Anuman ang bigat, layuan ang mga dinadaanang palapag at palipad ng runway.



Sa malapit sa mga mas maliit na paliparan na walang control tower, maaari kang magpalipad ng iyong drone sa loob ng 5.5 kilometro. Kung may mapapansin kang malapit na sasakyang panghimpapawid na may piloto, lumayo kaagad at walang panganib na ilapag ang iyong drone.



Kung nasa loob ka ng 1.4 kilometro mula sa isang paliparan ng mga helicopter at may mapapansin kang isang helicopter na malapit, na papalipad o papalapag, dapat mong ilayo ang iyong drone at ilapag ito nang walang panganib.



Kung pinapalipad mo ang iyong drone para sa trabaho (commercially), may mga nalalapat na karagdagang reglamento. Dapat mong iparehistro ang iyong drone at kumuha ng lisensya o akreditasyon. Kung nagpapalipad ka bilang libangan, hindi kinakailangan ang pagparehistro o akreditasyon.

KNOWYOURDRONE.GOV.AU